

## MGA KLASIPIKASYON NG SORGHUM



### Grain Sorghum

isa sa mga pangunahing sangkap na ginagamit para sa pagpapakain ng hayop at produksyon ng *ethanol*



### Forage Sorghum

maaaring gamitin sa mga pastulan, *hay production* at *silage*.



### Biomass Sorghum

ginagamit sa paggawa ng *ethanol* at pangunahing gamit sa produksyon ng *bioenergy*.



### Sweet Sorghum

ginagamit na alternatibo sa produksyon ng *whisky* at iba pang uri ng *rum* at kemikal.

## POPULAR NA LUTUIN NG SORGHUM



Sorghum Salad



Sorghum Champorado



Sorghum Coffee



Suman Inantala



Sorghum Goto



Popped Sorghum



Regional Agriculture and Fisheries  
Information Section  
2024

Lipa Agricultural Research  
and Experiment Station, Brgy. Marawoy,  
Lipa City, Batangas

I-follow na ang **DA-Calabarzon!**



<https://calabarzon.da.gov.ph/>



# Gabay sa Produksyon ng Sorghum

## ANO ANG SORGHUM?

Ang *sorghum* o **batad sa filipino** ay isa sa popular na miyembro ng grass family. Madali itong palaguin gaya ng mais. Mayroon itong *ratoon ability* at kung maibigay ng mabuti ang kinakailangan na susutansya ng lupa ay maaring umani dito ng 2-3 beses sa isang taniman. Ginagamit ito sa maraming paraan subalit ang bawat uri nito ay dapat suriing mabuti bago gamitin. Ito rin ay maaaring gamitin bilang pagkain, feeds at fuels.

Ang *sorghum* ay maaaring itanim sa iba't ibang klima at uri ng lupa na mainam sa ating bansa at nagbibigay din ito ng mga oportunidad at trabaho para sa lokal na komunidad.

Pinakamainam na patubuin ang Sorghum tuwing tag-araw na ang temperatura ng araw ay may regular na 900 Fahrenheit. Ang sandy loam at clay loam na lupa tuwing tag-init ay mas makakabuti para sa pagtatanim ng sorghum dahil mas kaya nitong labanan ang tagtuyot at tag-ulan kaysa mais.



## TAMANG PARAAN SA PAG-IIMBAK NG SORGHUM

Ito ay dapat na nakaimbak sa isang *airtight container* sa isang malamig na lugar. Maaaring iimbak ng hanggang isang taon sa *freezer* o anim na buwan sa *pantry*.

## ANGKOP NA PAGTATANIM NG SORGHUM

### Pagpili ng Lugar



- ✓ Hindi natitigilan ng tubig/*well-drained*
- ✓ *Clay loam type soil*
- ✓ Soil pH of 5.5-6.5
- ✓ May mapagkukunan ng irigasyon/patubig

### Paghahanda ng Lupa



- ✓ Dapat pumili ng isang bukirin na malalim ang araro, hindi bababa sa 15cm at walang damo o anumang uri ng ibang pananim.

### Pagtatanim



- ✓ Dahil sa maliit na butil nito, itanim ito ng hindi gaano kalalim. Kinakailangan na 2.5cm lamang ang lalim nito kung basa ang lupa at 5cm naman kung tuyo.
- ✓ Ang lalim ng tudling ay 10cm kapag tag-ulan at 15-20cm kapag tag-araw.
- ✓ May "*planting distance*" na 75 cm X 10 cm at kayang magkaroon ng 130,000 na dami ng tanim sa isang ektarya.
- ✓ 8-10 kg ng pananim ang kinakailangan sa isang ektaryang taniman.
- ✓ Nagsagawa din ng "*thinning*" o pagbawas tanim, 14 araw matapos itanim.

### Paglalagay ng Pataba



- ✓ Ang paglalagay ng mga pataba ay dapat nakabatay sa resulta ng pagsusuri ng lupa.
- ✓ Kung hindi *available* ang *soil analysis* ay maaring gumamit ng ng 9 *bags complete fertilizer* (14-14-14) bilang paupo/patungtong at 3 bags na *urea fertilizer* (46-0-0) bilang "*side dress*" o 30 days pagkatapos itanim.

### Irigasyon



- ✓ Kinakailangan ang irigasyon lalo na sa mga tuyong lugar para sa mas magandang ani. Maaaring magsagawa ng "*perforain* o *overhead sprinkler*" pagkatapos magtanim (isang beses sa isang linggo) at susundan ng "*furrow irrigation*", (may pagitan na isang linggo), 30-75 araw pagkatapos tumubo ang buto.

### Off- barring and Hilling up (Patastas at Pasampay)



- ✓ Sinasagawa 25-30 araw matapos itanim upang maging buhaghag ang lupa at makaroon ng maayos na "*aeration*" o sirkulasyon ng hangin. Nakakatulong din ito na makontrol ang pagtubo ng damo.